Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-12 NG ABRIL, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ANTONIO B. DICTADO - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
4. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
5. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
6. Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO - Kagawad
7. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
8. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Di-Dumalo:

1. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 68-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA TIOSEJO DEVELOPMENT CORPORATION NA ITIGIL ANG ANUMANG PAGPAPAUNLAD (DEVELOPMENTS) NA ISINASAGAWA SA KASUDLONG NG SANTA ROSA DE LIMA SA BARANGAY IBABA, SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, nakarating sa pamahalaang bayan na ang Tiosejo Development Corporation ay kasalukuyang nagsasagawa ng pagpapa-unlad para sa isang pamahayan na magiging kasudlong o "extension" ng Santa Rosa De Lima at sa kabila ng mga patanto at atas ng kapulungang ito na magsulit ng mga kaukulang permiso ang nabanggit na "developer" ay hindi tumalima;

SAPAGKA'T, ang kapulungan ng Sangguniang Bayan ay tumanggap ng mga pagtutol mula sa mga naninirahan na sa Santa Rosa De Lima na magkaroon pa ng kasudlong ang subdibisyon;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinagalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas sa Tiosejo Development Corporation na itigil ang anumang pagpapaunlad (developments) na isinasagawa sa kasudlong ng Santa Rosa De Lima sa Barangay Ibaba, Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-14 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-12 ng Abril, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim